8

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin

4



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 4: Linggo 4**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Arlene Joy T. Jacob

**Tagasuri:**
- Ma. Victoria Culminas - Colis, PhD.

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ARALING PANLIPUNAN, IKAAPAT NA KUWARTER, IKAAPAT NA LINGGO, ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga adhikain at kontribusyon upang matugunan ang mga isyung kinakaharap ng daigdig |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakagagawa ng pananaliksik na nakapagtataya sa mga napapanahong isyu at usapin sa sariling komunidad na nagpapakita ng pagtugon bilang mapanagutang mamamayan ng bansa at daigdig |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>Nasusuri ang mga isyung pampolitika, pangkabuhayan, at pangkalikasang kinakaharap ng daigdig.<br>1.Naipaliliwanag ang konsepto ng terorismo.<br>2.Natutukoy ang mga halimbawa at mga gawain ng mga teroristang grupo sa Pilipinas.<br>3. Nailalahad ang mga hakbang na ginagawa ng pamahalaan para labanan ang terorismo.<br>4. Nasusuri ang implikasyon ng terorismo sa Pilipinas sa kasalukuyan at sa hinaharap. |
| **C. Nilalaman** | Mga Isyung Pampolitika, Pangkabuhayan, at Pangkalikasan<br>1. Terorismo |
| **D. Integrasyon** | Kapangyarihan, Awtoridad, at Pamamahala (Power, Authority, and Governance) |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Rappler. (2024, February 7). Philippine anti-terrorism law. RAPPLER. https://www.rappler.com/nation/g58728476-anti-terrorism-law/<br>Getting attention. (2019, January 1). https://archive.nytimes.com/www.nytimes.com/books/98/11/01/reviews/981101.01bonnert.html<br>Strategic Intelligence Assessment and Data on Domestic Terrorism - 2023. (2023, July 14). Federal Bureau of Investigation. https://www.fbi.gov/file-repository/fbi-dhs-domestic-terrorism-strategic-report-2023.pdf/view |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**THINK, PAIR AND SHARE:** Humanap ng kapareha upang magpalitan ng mga konsepto na nalalaman sa nakaraang aralin.<br>1.STI<br>2.COVID-19<br>3. Pagsasagawa ng swab test.<br>4. Pagkakaroon ng blood transfusion<br>5. Pagkawala ng pang-amoy at panlasa | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>Kasama sa mahahalagang isyu sa kasalukuyan ang terorismo. Ito ay nagbibigay ng pangamba sa bawat isa sa atin. Ito ay nagpapakita ng mga hindi magandang gawain na naglalayong maghasik ng takot, kaguluhan at pinsala sa bawat isa sa atin at sa | Ang video ay isa lamang halimbawa, maaaring kumuha pa ng iba ang guro. |

| | | |
|---|---|---|
| | pamahalaan. Sa ating pag-aaral tatalakayin natin ang mga sanhi,anyo, epekto at ang mga hakbang na ginagawa ng ating pamahalaan upang makontrol ang gawaing ito. Panoorin ang video tungkol sa terorismo at sagutin ang mga tanong.<br><br>Pamprosesong tanong:<br>1.Ano ang terorismo?<br>2.Ano ang layunin ng mga terorista?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Pumili ng isang salita at ipaliwanag ang kahulugan nito base sa iyong pagkaunawa.**<br><br>Ransom<br>Concession<br>ASG<br>Marawi | Video:<br><br>[Can Terrorism Be Defined? \| World101 (youtube.com)] |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa : Terorismo**<br><br>Ayon kay Bruce Hoffman,ang terorismo ay tumutukoy sa sadyang paglikha at pagpapalaganap ng takot sa pamamagitan ng karahasan o ang pagbabanta sa karahasan sa kagustuhang magkaroon ng pagbabagong political.Layunin ng terorismo ang magtanim ng sikolohikal na takot sa publiko, pamahalaan os a mga grupong kalaban ng lahi o relihiyon.<br><br>**MGA ANYO NG TERORISMO**<br><br>1. State terrorism-tumutukoy sa sistematikong pagpapalaganapng karahasan sa mismong pamahalaan laban sa nasasakupan o mamamayan nito.<br><br>2. Religious terrorism – uri ng terorismo kung saan ang pangunahing motibasyon ay ang prinsipyo, ideolohiya at paniniwalang may kaugnayan sa relihiyon. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Right-wing terrorism – may layuning kalabanin ang liberal na gobyerno upang mapanatili ang tradisyunal na sistemang panlipunan.<br><br>4. Left-wing terrorism – isinasagawa ng mga grupong nagnanais na palitan ang demokrasya at kapitalista ng isang sosyalista at komunistang pamahalaan.<br><br>5. Narco-terrorism – ang mga sindikato sa industriya ng illegal na droga ang nasa likod ng ganitong uri ng terorismo.<br><br>**EPEKTO NG TERORISMO**<br>1.Nagdudulot ng takot at pagkabahala sa mga mamamayan para sa kanilang kaligtasan.<br>2.Pagbaba ng kita ng pamahalaan at ng mga pribadong sektor dahil sa pagkawala o pagkabawas ng mga mamumuhunan sa bansa.<br>3. Maraming mga buhay ang nawawala at nawawasak ang mga ari-arian.<br>4. Pagkaaksaya ng mga salapi.<br>5. Nakakaapekto sa ugnayan at pagtutulungan ng mga bansa tungo sa kapayapaan at kaunlaran.<br>6. Pagkaantala ng mga proyekto ng pamahalaan na magpapabuti sa kalagayan ng mga mahihirap.<br><br>**PAGKONTROL NG PAMAHALAAN SA TERORISMO**<br>1.Pagtatag ng mga programang Panlipunan at pang-ekonomiya.<br>2.Pagpapahina ng suporta ng mga mamamayan sa grupo ng mga terorista.<br>3.Mga Pagbabago sa pamahalaan.<br>4.Pakikipagtulungan sa ibang bansa. | |

| | | |
|---|---|---|
| | 5. Pagsasaayos ng proyirad ng pamahalaan.<br>6. Pagkakaisa ng mga ahensya ng pamahalaan<br>7.Pakikipagkaisa sa mga samahan ng mga bansa.<br>**IKALAWANG ARAW**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**CONCERNED CITIZEN AKO:** Magsaliksik tungkol sa mga naging gawain ng mga terorista sa bansa. Ilarawan ang mga naging gawain ng mga teroristang ito sa ating mga kababayan. Isulat ang sagot sa *bond paper.* Bibigyan ng 20 minuto ang mga mag-aaral upang mabuo ang kanyang konsepto at tatawag ang guro ng mga magbabahagi sa klase.<br>**IKATLONG ARAW**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**COLLAGE:** Hahatiin ng guro ang mga klase sa anim na pangkat.Magkolekta ng mga clippings ng balita tungkol sa nangyari sa Marawi. Iayos ang mga larawan sa malikhaing pamamaraan sa *1/8 illustration board* at isulat sa likod ang paliwanag sa nabuong *collage.* Bibigyan lamang ng guro ng 20 minuto ang klase sa kanilang paggawa at bawat grupo ay magbabahagi.<br>**Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**DUGTUNGAN MO:** *(Tingnan sa pahina 2 ng Sagutang Papel)* | Ang paksa para sa gawain ay dapat na naibigay sa mga mag-aaral upang dala na nila ito sa klase. Buuuin ng mga mag-aaral ang kanilang konsepto sa loob ng 20 minuto lamang at may ilang magbabahagi sa klase. Ang mga hindi matatawag na mag-aaral ay maaaring maglahad ng kanilang saloobin sa fakulti.<br>Ang mga clippings ay dapat na naibigay bilang takda at sa loob lamang ng klase nila ito gagawin. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**FIVE POINT AGENDA:** Bumuo ng plano na may limang konkretong hakbang upang masugpo ang terorismo sa Pilipinas. Gawin ito sa MS powerpoint upang maibahagi sa klase. | |

<table>
<tr><td></td><td>2. Pagninilay sa Pagkatuto<br>PAGTIBAYIN ANG PAHAYAG: Ipaliwanag sa sariling pangungusap ang pahayag na nasa ibaba.<br><br>“With guns you can kill terrorist. With Education you can kill terrorism.”<br><br>-Malala Yousafzai</td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr><td colspan="4">IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY</td><td>MGA TALA SA GURO</td></tr>
<tr><td>A. Pagtataya</td><td colspan="3">1. Pagsusulit (Tingnan sa pahina 4 ng Sagutang Papel)<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br><br>1.Kailan naganap ang Global Financial Crisis?<br><br>2.Paano ito nagsimula?<br><br>Singh, M. (2023b, December 18). The 2007–2008 Financial Crisis in review. Investopedia. https://www.investopedia.com/articles/economics/09/financial-crisis-review.asp</td><td>MGA SAGOT:<br>1.TAMA<br>2.TAMA<br>3.MALI<br>4.MALI<br>5.TAMA<br>6. TAMA<br>7.TAMA<br>8.TAMA<br>9.MALI<br>10.TAMA</td></tr>
<tr><td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na</td></tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | *nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.*<br><br>*Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.* |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |